

Ika-Apat: Upang bigyan ng kasiyahan at alisin ang alalahanin ng mga nanay na busy.

Kobuta • Doronko • Piyo piyo...?! Hindi ka Nag-Iisa! Halina Sumali sa grupo ng mapagmahal sa bata.

Grupo ng mapagmahal at mapag-aruga sa mga bata, ito ay marami na. Sa bawat bayan at siyudad merong “Child-rearing Support Center” na tumutulong sa bawat pamilya at magulang upang mabawasan ang alalahanin at sila ay bigyan kagaanan. Ito ang mga grupo na may kakaibang pangalan tulad ng “Kobuta (piglet)”, “Doronko (muddy)” & “Piyopiyo (cheep)” sila ay rehistrado. Sila ay nagtutulungan sa mga gawain upang solusyunan ang pang-araw araw na problema mo. Makiisa at magkaroon ng bagong kaibigan. Bakit di mo subukan? Halika na!

Detalye ng “child-rearing groups” ay matatagpuan sa “support centers and community centers” na malapit sa inyo.

“Child-rearing Support Center (049-251-3005) and child-rearing groups in Fujimi city”

Pangalan ng Grupo	Lugar	Araw	Edad
Doronko	Mizutani Community Center etc	Biyernes	1 ~ 4
Tacchi kids	Turuse Community Kamisawa Meeting Place	Martes	“Preschooler”
Piyo piyo	Mizutani Community Center	Martes	“Preschooler”
Isuto	Mizutani Community Center	1 st & 4 th Lunes	“Preschooler”
Kangaroo Club	Turuse West Exchange Center	Huwebes	1 ~ 4
Hello Hello kids	Fujimino Exchange Center	Miyekules (maliban sa ika 2 linggo)	1 ~ 2
Sakuranbo o Twins	Mizutani Community Center	Martes	“Preschooler”
Kobuta	Fujimino Exchange Center	Biyernes	“Preschooler”
Kouma Club	Sekizawa Child Center	Ika-4 na Biyernes	“Preschooler”
Wan-Nyan Club	Nanbata Community Center	2 nd & 4 th Huwebes	1 ~ bag mag-aral ng “kindergarten”
Banana’s parent-child	Sekizawa Meeting Place	Huwebes	“Preschooler”
Tanpopo	Harigaya Komisen	Martes	“Preschooler”
Donguri	Harigaya Komisen	Miyekules	“Preschooler”

Pangalan ng Grupo	Lugar	Araw	Edad
Rakko Club	Palette Park 5 th	“Unfixed”	“Preschooler”
Rainbow Kids	Sekizawa Child Center	Ika-3 Martes at iba pa	“Preschooler”
Child-rearing Salon Mickey Club	Tsuruse West 3-chome East Meeting Place	Ika 1 & 3 Martes at iba pa	2, 3 taong gulang at iba pa.
Child-rearing Salon Doremi	Harigaya Komisen	Ika-2 Biyernes	0 - 1 taong gulang

“Child-rearing Support Center and child-rearing group in Fujimino city”

Sa Fujimino city, mayroong 3 “support centers” ito ay nasa “3 day-care centers”. Kung kayo po ay nakatira malapit dito, maaari pong makipag-ugnayan sa kanila ukol sa detalye.

- Kasumigaoka day-care center
Phone 049-269-4252
- Uenodai day-care center
Phone 049-256-8623
- Kaze-no-sato day-care center
Phone 049-263-8388

“Child-rearing Support Center and child-rearing group in Miyoshi town”

“Child-rearing centers” sa Miyoshi ay ginaganap ang mga aktibidades sa 3 “community centers”. Kung kayo po ay nakatira malapit dito, maari po lamang na makipag-ugnayan sa kanila ukol sa mga detalye.

- Central community center
Phone 049-258-0050
- Fujikubo community center
Phone 049-258-0690
- Chikumazawa community center
Phone 049-259-8311

www.ficec.jp/foreign/

● The back numbers of “Information Fujimino” are available at online.

**Kasumigaoka day-care center Fujimino city
Banyaga “magulang at anak” Halika sumali
sa Sakura Club**

Phone **049-269-4252**

“Sakura Club” ay samahang mapagmahal, ito ang lugar upang ang magulang at anak ay magkasayahan at magkakilanlan ng lubusan.

Sa club na ito, maraming masasayang bagay ang pagkasamahan: pagbabasa ng libro, bagong laro na ituturo sa bawat isa ng kapwa banyaga- Instik, Koreana, Pilipina, Russian at Vietnamese.

Ang pulong ay ginaganap isang beses sa isang buwan, Maari po lamang ipaalam ng maaga kung nais sumali sa club na ito.

Fujimino International Cultural Exchange Center

Pulong para sa mga magulang

Phone **049-256-429**



“Hindi ka na nag-iisa!” Kailangan mo ba ng kaibigan?” Mga pag-aalalang wagas mula sa grupo ng mapag-aruga, “Pulong ng mga magulang, tamang pag-aaruga ng anak”. Ito ay kakaiba at gaganapin kada buwan kasama ng mga magulang na kapwa banyaga. Makisaya at maki-isa sa loob ng kalahating araw. Tayo na at makipagpalitan ng impormasyon sa pag-aaruga ng inyonk anak. Makipag-ugnayan po lamang para malaman ang petsa at lugar.

**“Child allowance system”
kailangan ng aplikasyon**

“Child allowance system” ay upang pagkalooban ng suportang pinansyal ang mga magulang na mayroong anak na hanggang ika-anim na grado sa elementarya. Ito po kailangang i-apply, ang walang aplikasyon ay hindi mapapasali sa sistemang ito. Para sa detalye, makipag-unayan po lamang sa “public office” na malapit sa inyo.

● Halaga ng “allowance”

3 taon – pababa halaga ng uniporme ¥10,000

3 taon-pataas

1st child ¥5,000

2nd child ¥5,000

3rd child ¥10,000

● Katanungan

Makipag-ugnayan sa “child-rearing support division” o “public office” ns malapit sa inyo.

**Regulasyon sa pagtapon ng basura
ay may konting pagbabago**

Sa Fujimino city, nagkaroon ng pagbabago sa pagtapon ng basurang pangkapaligiran at pambahay. Kayat mag bibigay ng kalendaryo ukol sa pangungulekta ng basura. Ito ay naka salin sa 6 na wika para din sa mga banyaga.

“Major changes” para sa paghihiwalay ng mga basura.

- ① “Cosmetic bin” sa nakaraan ito ay “basurang di nasusunog”, ngayon ay “resources (bin)”. Kaakibat ng pagbago, maari po lamang alamin din ang araw kung kailan ito dapat itapon.
- ② Meron ding sakop ang “Plastic bottle” ito ay lumawak na, dahil sa pagbabago ng batas. Subalit, ito ay restriktado sa nakatalang marka ayon dito.

Halimbawa, bote ng “soy sauce processed food” (Mentsuyu etc), “Mirin style seasoning”, “vinegar”, “dressing type flavor (non-oil)” ngayon ito ay sakop sa “Plastic bottle”. Kung wala pa kayong kalendaryo ukol sa mga pagbabagong ito, maari po lamang na pumunta sa FICEC center.



**Kasiyahan
upang
ipagdiwang ang
“Boy’s Festival”
sa ika-1 ng
Mayo(Huwebes
) sa “FICEC’s
Japanese
Language
Class” (Halina
at Makisaya!)**

- Lugar: Fujimino International Cultural Exchange Center Japanese Language Class
- Petsa: May 1
- Oras: 11:45~
- Bayad: Lunch ¥200



Ika 5 ng Mayo ay “children’s day”. Ito rin ay “Tango no Sekku (Boy’s Festival)” ito ay patuloy na pinagdiriwang simula pa Nara era (710~784). Noon, ito ay tinatawag na “Tango” sa dahilang maraming nakikitang pagbabago sa bawat panahon, ang mga tao ay nag-aalala sa kalusugan at kamalasan na maaring mangyari. Kaya’t sila ay uminom ng “medicinal herbs” mula sa ibat-ibang halaman tulad ng “Shobuyu”.

Ngayon, “Tango no Sekku” ay isa ng “public holiday” ito ay kahilingan para sa kalusugan sa paglaki ng bawat bataan. Kaakibat nito ay ang “Hina-Maturi (Girl’s Festival), ang “Tango no Sekku” ay Boy’s Festival nagsimula pa nung “Tokugawa era”. Sa paglipas ng panahon, sinimulang ng maglagay ng kapa, streamers at paglagay ng dekorasyon ng warrior dolls (Gogatsu Ningyou) para sa selebrasyon ng boy’s festival.

www.ficec.jp/living/

● Living Guidance translated in 6 languages is available.